*MALAY 36(2) Hunyo 2024, pp. 26-44*

# Apolinario Mabini—<br>Diyalektika ng Representasyon at Pahiwatig sa Buhay at Gawa ng "Dakilang Lumpo" /

# *Apolinario Mabini—<br>Dialectic of Representation and Symbolism in the Life and Works of "the Sublime Paralytic"*

E. San Juan, Jr.
University of Connecticut, USA
philcsc@gmail.com

Umiikot sa diyalektika ng mga papel na ginampanan ng katawan at talino ang wastong pagkilala sa kadakilaan ni Mabini. Tangka ng akdang ito ang sintomatikong pagbasa sa talambuhay ng bayani at tema ng kaniyang diskursong politikal. Gamit sa analisis ang punto-de-bista ng materyalismong historikal na nakatutok sa samotsaring kontradiksiyon sa bawat pangyayari, nabunyag sa repleksiyon ni Mabini ang udyok na pag-ugnayin ang kontradiksiyon ng nayon at lungsod, ng pesanteng uri at kapalarang burgis, ng pagmaniobra sa ideolohiya at armadong pakikibaka. Nasalamin ng kaniyang mga lenteng radikal ang mga pagbabago sa mundo. Naging maakit na estigmata ng paghulagpos ang estigma ng sakit ng katawan. Nalunasan ang pagkabigo ng rebolusyon sa muling pag-alay ng sigla sa humanistikong paninindigan na ang batas-natural ay batay sa rason, dangal/puri at hustisya. Naging hikayat sa bayani na ipanata ang buhay sa pangako ng nagsasariling bansa ang kaniyang pagkadestiyero. Naisakatawan ng isip ni Mabini ang isang simbolikong kapangyarihan na siyang magbubunsod sa katarsis ng kolektibong kaluluwa sa mobilisasyon ng komunidad at paghubog ng nasyonal-popular na hegemonya. Sa *La revolucion Filipina* at iba pang akda, matutuklasan natin ang kontra-imahen sa paralisadong pigura. Itinanghal ng kaniyang testimonya ang makatwirang pasya na pagnilayin ang mga pagbuo ng rebolusyonaryong sabjek o ahensiya ng pagbabagong-buhay at pagkamit ng soberanya.

**Mga Susing Salita:** estigma; indibidwalismo; kolonyalismo; kontradiksiyon; rebolusyon; talambuhay

*To understand Mabini's heroic deeds, we need to grasp the dialectic of roles played by the paralyzed body-part and his intellect. This essay attempts a symptomatic reading of Mabini's memoirs linked to the themes of his political discourse using the analytic lens of historical materialism focused on manifold contradictions. Mabini's self-reflection discloses a libidinal drive to unite contradictions between city and countryside, peasant origin and bourgeois destiny, ideological maneuvering and armed struggle. His radical sensibility registered shifts in the global alignment of forces. Mabini's need to overcome physical frailty transformed a stigma into a stigmata of transcendence. By upholding humanistic principles founded on natural law, reason, honor and justice, the defeat of the Republic is given prophetic potential. Mabini's deportation became a motive to re-affirm commitment to the promise of winning sovereignty for the colonized. Mabini's thought embodied a symbolic power needed to induce the catharsis of the collective spirit in the mobilization of the community and the construction of national-popular hegemony. In La revolucion Filipina and other works, we discover the counter-image to the paralyzed physiognomy. His testimony articulated the rational will to invent the creation of the revolutionary subject or agency for radical transformation and the conquest of sovereignty.*

***Keywords:*** *stigma; individualism; colonialism; contradiction; revolution; biography*

Copyright © 2024 by De La Salle University

> *Totoong nabibigo ang sinumang nagtatangkang mamahala nang ayon sa teorya lamang sapagkat sadyang isang praktika ang agham ng pamamahala…Kung nasa pagtutugma ng katwiran at karanasan ang katotohanan, nasa pagtutugma ng teorya at praktika ang birtud.*
>
> *—Apolinario Mabini, Ang Rebolusyong Filipino / La revolucion Filipina (LFR)*
>
> *Ang kamangmanga'y kaalipinan, sapagkat kung ano ang isip, ay ganoon ang tao: taong walang sariling isip ay taong walang pagkatao…Ang tao'y inianak na paris-paris, hubad at walang tali.*
>
> *—Jose Rizal, Liham sa Mga Kababayang Dalaga ng Malolos*
>
> *…Mabini had a peasant's face. But his large forehead and his sensitive eyes showed a character that was as durable as the peasant with the plow.*
>
> *—Teodoro Agoncillo, "Apolinario Mabini: the courage of conscience"*

## PANIMULA

Tuwing mababanggit ang pangalan ng bayaning Apolinario Mabini, laging magkatambal ang bansag ng "Sublime Paralytic"/"Dakilang Lumpo" at taguring "Brains of the Revolution" /"Utak ng Rebolusyon." Salungat iyon sa konotasyon ng "mabini," na tumutukoy sa "modest or coy in movement or speech, referring esp. to a woman" (Vicassan 253). Ang salitang ugat na "bini" ay singkahulugan ng "hinhin, yumi, pagkamababang-loob, pagkamapagkumbaba, pagkakimi, pagka-mahiyain" (Silverio 72–73). Paradox, aporia, o palaisipang pangyayari ito na gagawing paksa ng hermenyutikang imbestigasyon dito na kalakip ang prinsipyo ng pinagkatawang-isip (*embodied mind*) ng bagong siyensiyang kognitibo at penomenolohiya na sumasaliksik sa interaksiyon ng katawan at ulirat (Lakoff & Johnson; Lingis). Gamit din dito ang metodo ng materyalismong historikal na nakatutok sa dinamikong proseso ng mga kontradiksiyong nagpapaandar sa bawat pangyayari sa mundo.

Bago ang lahat, nais kung igiit na hindi ito ayon sa lumang turo ng fisonomiya nina Cesare Lombroso at E. Kretschemer. Para sa kanila, ang karakter at temperamento ng tao ay batay sa katangiang biyolohikal tulad ng sukat ng ulo, kulay ng balat, atbp., upang makilala ang kriminal at di-normal na tao. Sadyang lihis iyon sa siyentipikong paraan ng pagsisiyasat na nakabatay sa metodong sosyo-historikal, sa sitwasyong panlipunan ng aktor/mamamayan, at metabolikong interaksiyon ng tao at kalikasan. Payo nina Hans Gerth at C. Wright Mills: "How organic conditions are related to the development of personality traits and conduct patterns depends on how the whole structure of the character is socially estimated" (41).

Muli, nais kong idiin dito na hindi ito pagdalumat sa pagkatao ng sinuman batay sa hitsura, anatomiya o katangiang pisikal. Sisikaping ihain sa mambabasa ang isang diskurso sa disiplina ng araling pangkalinangan o kritisismong kultural. Mula sa perspektibong diyalektikal, susubuking ipaliwanag ang ugnayan ng karakter, temperamento, pagkilala sa galaw o salita/pahayag ni Mabini at samotsaring atitudo/opinyon ng lipunan na naitala sa mga komentaryo tungkol kay Mabini. Tangka rito ang iguhit ang masalimuot na "intellectual physiognomy" (Lukacs 153) ng inimbentong imahen ni Mabini. Katumbas ito ng "habitus" o disposisyong estruktural ng mga aktor sa teorya ni Pierre Bourdieu. Agenda ng pagmumuni rito ang pagpapakahulugan sa ugnayan ng organikong ayos ng bayani at personalidad na hango sa persepsiyon at dalumat ng mga aktor na pinakitunguhan niya. Susuriin ang mga datos sa talambuhay at diskursong repleksibo sa paraang intertekstuwal na, ayon kay Julia Kristeva, ay ibinabadya sa "transposition of systems of signs, accompanied by a new articulation of the enunciative and denotative position" (15).

Samakatwid, ang tesis ng akdang ito ay eksperimental na tugon sa problemang bumabagabag sa marami: Bakit laging ikinakabit ang organikong kodigong "paralitiko" sa kategoryang sosyo-historikal, "brains of the revolution"? Ano ang ibig ipahiwatig ng gawing ito? Ano ang kabuluhan at implikasyon nito sa ating kabatiran ng ating kasaysayan bilang bansang may dakilang tradisyong mapagpalaya? Susubuking maghain dito ng ilang sagot o kuro-kurong hipotesis.

*Pagbakas sa Naglahong Orden*

Mabilisang dumulog tayo sa paghimay sa palaisipang nabanggit sa umpisa. Sa huli'y sisikaping ibuod ang binalakangkas na mga panukala sa proseso ng pagpansin sa iba't ibang aspekto ng problema.

Walang pasubali, ang paralisis ng bayani ay hindi diperensiyang nakagpagdungis kundi diperensiyang nagpadalisay. Hindi nanatiling trawmatikong karanasan. Ang pagkawing sa dalawang posibilidad ay isang diyalektikang proseso na lumikha ng aurang sakramental sa fisonomiya ni Mabini. Naging talinghaga o simbolo ang identidad niya. Hindi naging katwiran ang sakit ni Mabini na ituring siyang banyaga o dayuhan sapagkat kilala na siyang normal na abogado nang maparalisado noong 1896, bago sumiklab ang himagsikan. Tatlumpu't dalawang taong gulang siya noon, samantalang 18 taong gulang siya nang sumaklot ang 1882 epidemya ng kolera—tanda ng pagsalikop ng kalikasan, estrukturang panlipunan, at kolektibong kamalayan (Gealogo 24).

Paglimiin ang dalawang episodyo sa buhay ni Mabini. Nakaraos siya sa 1882 kolera, ngunit hindi siya nakaligtas mula sa kolera ng 1903, tiyak na dahil sa karamdamang pisikal at sikolohikal mula sa pagkabilanggo sa Fort Santiago (11 Disyembre 1899–23 Setyembre 1900) at pagkatapon sa Guam (7 Enero 1901–26 Pebrero 1902). Kapuwa resulta ito ng mahabang paniniil ng kolonyalismong Espanyol at barbarikong paninipol ng Amerikanong mananakop (Zaide 284–87; Latorre 15–25). Ang dalawang yugto ng kolera sa Pilipinas ay simbolo ng dalawang antas ng krisis ng kolonyalismo, dalawang sintomas ng pagpapalit ng mentalidad o *habitus* (Ileto 51–73). Samantala, ang titulong "Sublime Paralytic" ay makahulugan sa metapora ng matalinghagang pagkakaiba dahil hindi humiwalay sa sinapupunan ng inang-bayan, hindi sumuko, manapa'y yumapos sa tadhanang sinapit ng bayang nakilaban. Sa gipit ng pagkagapi, matagumpay na sumabak muli sa pakikihamok pagkawala sa bilangguan sa pagtugon kina Heneral Bell, Wheeler, McArthur, at Gov. Taft (Mabini *Letters* 59–61, 233–36, 246–47, 323).

Layon ng sumusunod na talakay ang intensiyong isiwalat ang isang penomenon: kung paano ang estigma ng sakit ni Mabini ay naging tila estigmata o signos ng sugat ng isang mala-mesiyas. Mababanggit dito na matinding paglait at paghamak ang ipinakita ng mga Amerikano sa katutubong pagkatao; halimbawa, ang insulto ni Heneral J. Franklin Bell na sa pagkitil sa buhay ng aroganteng Heneral Luna, natambad ang "'dismal incompetence' of Filipinos for self-government" (Linn 137). Mabini ang tono o ritmo ng dulog ng bayani sa mga mamamayan ng Estados Unidos sa maigting na diskursong "A Filipino Appeal to the People of the United States" na nailathala sa *The North American Review* (January 1900). Ngunit mabagsik ang babala niya sa wakas: "…if the American people will not grant them [Filipinos] justice, there is a Providence which punishes the crimes of nations as well as of individuals" (Mabini "Filipino Appeal" 60)." Sumpa ba ito o propetikong paalala sa mga mamamayang kinatawan nina Presidente McKinley, Admiral Dewey, at Heneral Otis, Bell, McArthur?

Ang sakit ni Mabini ay naging tatak ng diwang sisiyasat sa kasiraan at depekto ng pakikibaka. Layon ng kritika ay isa: upang ito'y maiwasto at makasangkapan ang rektipikasyon sa patuloy na pagtatanggol sa karangalan ng bayan. Magmumungkahi rin ito ng pagkakataong matuklasan ang natatagong lagusan sa pagsulong ng panloob/panlabas na transpormasyong dinaliri sa *Ang Rebolusyong Filipino.* Marubdob na iginiit ni Mabini ang pagtutugma o pag-aangkop ng diwa at disposisyon (*habitus*), ang saloobin at kapaligiran, ng mga kapanalig, na siyang sagisag ng tagumpay ng rebolusyon laban sa banyagang mananakop. Puwedeng lutasin ang kontradiksiyon ng *virtu* at *fortuna* sa historikal na pag-aninaw ng naratibo ng himagsikan (San Juan "Mapagpalayang Praxis").

*Pagtaliwas sa Kinaugalian*

Sa intensiyong unawain ang buhay ng mga dakilang bayani ng bansa, laging nakatuon ang ating pansin sa mga naipatalastas na gawaing naisakatuparan nila. Nais nating matuklasan ang mga kaisipan at damdamin ng protagonista sa markang naiwan ng kilos ng panulat o salitang binigkas. Diwa o espiritu ng tao ang ating inuusisa sa naiwang salita o akto na nakalangkap sa kolektibong proyekto. Laging nakapako sa

personalidad ng indibidwal (tindig, ekspresyon ng mukha, kumpas, atbp.) na hiwalay sa kapuwa, sa grupo o komunidad na kapaligiran. Nahumaling tayo sa pangitain na namumukod ang bayani, sumisikat, tumatanyag dahil kaiba sa madla, at sa bisa ng sariling pagod. Ito ang indibidwalistikong paniniwala ng uring burgis at ng mga panginoong piyudal-komprador.

Tawag sa paniniwalang ito ay ideolohiya ng indibidwalismo. Palasak na kasabihang kabutihan ng sarili ang primaryang pamantayan sa anumang inaasikaso. Kilala rin ito sa kategorya ng utilitaryanismo, indibidwalismong metodolohikal, na ugat ng liberalismo, at kasalukuyang doktrina ng neoliberalismo. Ito ang naghaharing ideolohiya/sistema ng paniniwala sa kalawakang sakop ng kapitalismong global ngayon. Sa indibidwalistikong lente, si Mabini ay kilala sa bansag na "Sublime Paralytic," naging "sublime" dahil "Brains of the Revolution." Sa mga larawan, nakaupo lagi ang bayani—tanggap na ang pagkapilay niya. Kung bakit tinawag din siyang "Utak ng Himagsikan" ay isang bagay na kailangang matarok. Baka masilip ito sa aktibidad ng paralisadong katawan na malikot at mabilis gumalugad, sumalungat, at sumuway.

Noong panahon ni Mabini, laganap pa ang kapangyarihan ng piyudal/monarkiyang awtoridad. Nakasandig iyon sa hegemonya ng isang pananampalataya sa pag-uugit ng Simbahang Katoliko. Magkayapos pa ang banal na kaluluwa't katawang makasalanan. Nang sumiklab ang 1896 himagsikan, bumungad ang prinsipyo ng Kaliwanagan (*Enlightenmen*t) na ibinandila ng mga Propagandista (Rizal, del Pilar, Jaena) at inilapat nina Bonifacio at Jacinto sa *conjuncture* ng pag-aalsa. Dito naipunla ang binhi ng indibidwalismo, ang halaga ng pansariling interes na, sa panig ng mga hinirang na pamunuan ng pag-aalsa, ay mahigpit na kasanib sa kapakanan ng komunidad. Ang dangal ng militante ay kasanib sa "amor patrio," pag-ibig sa tinubuang bayan, na naikintal sa Kartilya ng Katipunan at sa "Dekalogo" ni Mabini. Umpisa na ang pagbiyak ng lumang estruktura ng kolonisadong orden at paglusaw ng herarkiya ng kapangyarihan.

Sa isinumpa o pinagpalang kapalaran, umiral si Mabini sa interregnum ng kasaysayan ng bayan, Nasa pagitan o lagusan ng dalawang epoka ang lunan ni Mabini—sa biyak o guwang na minarkang bakod na naghihiwalay sa modernidad ng Estados Unidos at makalumang padron ng teokratikong imperyo ng Espanya. Sa dalumat ni Henry Adams, iyon ay antitesis ng ebanghelyo ng Virgin at ng Dynamo (1062). Ang huli'y nakabuod sa aparato ng pananampalataya: "Lumuhod ka at magdasal!"—utos ng prayle. Samantala, para sa negosyanteng NorteAmerikano, ang pagbalikwas sa kolonyalismong Ingles ay naisagisag sa hudyat ni Lincoln sa Gettysburg, Nobyembre 1863: ang bagong bansa ay nakabuklod sa proposisyong "all men are created equal" (Morison 681)—representatibong demokrasya sa ibabaw ng dominasyon ng mga Aprikanong alipin. Sinalamin din ng larawan ni Mabini sa publikong pagkakilanlan ang kontradiksiyon ng kaniyang panahon. Kaya sa halip na nakaluhod, nakatindig ang pustura ng bayani—ang katawang nakaukit sa kamalayan ng madla kahit nakaupo ang katawan (tungkol sa "body-image," konsultahin si Schilder). Titigan ang mukha ni Mabini, hindi ang kaniyang binti at paa.

*Interpretasyon ng "Body Politic"*

Di naglaon, uminit at sumiklab ang awayan sa loob ng bagong Estados Unidos. Sumulpot ang bagong puwersang kapitalista-proletaryo sa loob ng luma't atrasadong kaayusan. Nahati ang mga kolonya sa mga bayang depende sa malayang manggagawa at rehiyong agraryo na nakasalig sa trabaho ng nakararaming esklabo/alipin, mga Aprikanong binihag at ikinalakal ng imperyong Espanya, Portugal, Ingles, Pranses, atbp. Pumutok ang madugong giyera sibil (1860–1865) ng kapitalistang estado laban sa aristokrasyang nagmamay-ari ng alipin. Nanalo ang burgesyang pananaw na tumanghal sa prinsipyo ng "malayang trabaho" at pagkakapantay-pantay sa loob ng merkantilistikong pamilihan (hinggil sa transpormasyong pang-ekonomiya, tingnan sina Phelan 118–20; Cushner 210–29).

Ang pinakaangkop na katumbas ng pagbiyak ng katawang-politikal ng bayang inalipusta at naglulunggating makalaya ay naibuod ni W.E.B. Du Bois sa *The Souls of Black Folk*. Ang dilema ay naikintal sa "double-consciousness, this sense of always looking at one's self through the eyes of others, of measuring one's soul by the tape of a world that looks on in amused contempt and pity" (2003, 879). Kahit lumaya na ang alipin, taglay pa rin ang estigma o dungis sa kulay ng balat o itsura ng mukha, di umano'y pilat ng sakit na ikinahiya at naging palatandaan ng imperyoridad.

Ang talambuhay ni Mabini ay maihahalintulad

sa dilema ni Du Bois. Nasadlak sa hinating panimdim si Du Bois sanhi sa di-buong-tao ang trato sa mga Aprikanong esklabo sa lipunang itinatag sa prinsipyo na bawat tao ay malaya't may sariling pagpapasya. Ambigwidad at pag-aalanganin ang umiral. Bagama't may sariling pagpapasya si Mabini, walang bisa iyon sa pagkontrol sa katawan. Hindi sa ikinahiya ang pagkaparalisado, kundi hindi mapagbigyan o mapatawad ang kahinaan ng mga nakipaglaban, ang *duplicity* ng mga ilustrado sa pamunuan ng Republika. Ang kapansanang dinamdam ni Mabini ay nakasentro sa panlulumpo ng liderato, pangunahin na si Heneral Aguinaldo. Nagkaisa ang taumbayan laban sa pambubusabos ng imperyo. Ngunit nang nakapangibabaw ang kapangyarihan ng Estados Unidos, lumindol at nabiyak ang kasunduang mapagpalaya. Kumampi ang uring propriedor/ panginoong maylupa sa bagong mananakop, nagtaksil sa prinsipyo ng Republika (Ocampo 92–96).

Mahihinuha na propetikong analogo at senyal ito sa pagkaparalisa ng mababang bahagi ng katawan ng bayani. Ang nasibak na pagkatao, kay Mabini, ay alegorya sa pagtatalik-paghiwalay ng katawan at ulirat ng uring aristokratiko. Wari baga'y materyal na ginhawa lamang ang hangad ng espiritu ng tao. Matinding kinondena ni Mabini ang mga traydor na nakipagsabwatan sa bagong manulupig habang pansamantalang nakapuwesto pa rin sa makina ng Estado tulad nina Paterno, Calderon, Buencamino (inusisa ito ni Majul). Bagamat labag sa kalooban, napilitan si Mabini na sumumpang maging sabjek ng Estados Unidos kahit tutol ang kalooban. Sa kaniyang pakiwari, tanggap na rin ng sambayanan ang soberanya ng mananakop nang siya'y pinayagang makabalik sa Pilipinas mula sa pagkapiit sa Guam. Ipinalit ang unidad ng katawan-lipunang nasaksihan sa dikotomiya ng karunungan at konsiyensiya na siyang nagpapasigla sa diwa/budhi ng sinumang taglay ang kamalayan-sa-sarili (*self-consciousness*), ng mga patuloy na tumutol sa pananakop ng Estados Unidos.

Adhikain niyang magkaisa ang mga kababayan. Lubhang dinamdam ni Mabini ang paghahati ng mga kampon ni Aguinaldo sanhi sa pagkamakasarili ng liderato at oportunismo ng ilustradong intelihensiya (Latorre 23–24; Majul 49–62). Laging hangad ni Mabini ang pagkakasundo ng katawan at kamalayan, hayag na sintomas ng kaniyang predikamento. Dahil dito, ang pagtataksil ng dating mga kaalyado ay hindi mapatatawad na kasalanan, na iginiit sa kaniyang akda, *Ang Rebolusyong Filipino* (tingnan ang Mabini, *Rebolusyong Filipino* 70–94; Agoncillo, "Mabini" 8–11). Kung walang katapatan at dangal sa pananagutan, walang kabuluhan ang manatili sa balat ng lupa. Isang leksiyong mahirap sundin ng mga neokolonisadong sabjek na nakalukob sa ordeng neokolonyal.

Hindi rin matiis ni Mabini ang pagkatapon—sagisag ng bayang nanlupaypay at nagapi. Isang trahedya ang pagkapigtal o pagtapon ng kaniyang katawan sa tinubuang lupa. Hiya (*shame*) at balisa (*anguish*) ang bumalot sa kaniyang katawan (Zaide 287; O'Connor). Gayunman, laging nakaangkla ang kaniyang diwa sa masang anakpawis habang hinahabi ang kasaysayan ng himagsikan. Iyon ang kronika ng pagsilang at pagkadakila ng lahing Filipino–Malay (tulad ng ginawang paghagilap ni Rizal sa ugat ng lahi sa kaniyang anotasyon sa kasaysayan ni Antonio Morga, *Sucesos de las Islas Filipinas* (sangguniin si Palma 127–35). Naiulat ni Oscar Campomanes ang signipikasyon ng kinalalagyang kapaligiran ni Mabini, ang dobleng pasanin o kargada: "…this Revolution's triumph was necessary to signal the decline of old-world colonialism in Asia even as it had to face, immediately and without rest, what the United States was to signify and exercise as a neocolonial form of power in the century to follow" (95). Unawain natin ito bilang pagbasang alegorikal na ang mga kategoryang konseptuwal ay hinugot sa diyalektika ng mga puwersang magkakontradiksiyon.

### *Hinuhang Nasawi sa Pagkakahawa*

Liban na sa mga nalambungan o talagang duhaging mentalidad, batid ng lahat ang pagkalumpo ni Mabini sanhi ng organikong kapansanan. Huwag nang ulitin ang karatulang "Sublime Paralytic." Hindi problema ang paralisadong lagay kung alam na galing ito sa *poliomyletis* na sakit ng mga bata, hindi mula sa impeksiyon ng puta o putahan. Maraming personalidad na gumaling at nakaigpaw sa kagipitan ng malubhang sakit: banggitin sina Itzhak Perlman, Dorothea Lange, Mia Farrow, Frida Kahlo, at bantog na mananayaw, Tanaquil Le Clercq, atbp. (WNET).

Ang pinakatampok sa mga biktima ng polio ay si Franklin Delano Roosevelt, ika-32 presidente ng U.S. Hindi siya ginawaran ng titulong "Sublime Paralytic." Naparalisado siya noong 1921, sa edad na 39 na taon. Isang viral at mapanganib na sakit ang polio at wala pang bakuna noon. Subalit hindi naging

balakid kay Roosevelt bagkus naging sitwasyong kapakipakinabang. Sa halip na tiising walang imik ang sakit, naglunsad siya ng "exquisite political theater in which FDR engaged so famously on the public stage…Although he worked hard to obscure the details of his disability, he was, in part, defined by it, admired and remembered for it" (Ruane H7). Nagkaroon si Roosevelt ng bagong sigla, kumpiyansa, at pagka-maasahin. Kinupkop siya ng pamilya/bayang Amerikang mapagkalinga sa gitna ng malubhang krisis ng kapitalismong global.

Sa kaso ni Mabini, bagama't hindi ikinahiya o itinago ang sakit, lalo siyang hinangaan ng mga opisyal—nina Aguinaldo, Heneral McArthur, Senador Hoar. Hindi awa kundi admirasyon ng madla ang dulog kay Mabini dahil sa inangking dunong at likas na galing. Namasdan ang tila hiwagang pagkabaligtad: ang kapansanan na karaniwa'y estigma ay wari bagang nagsilbing "estigmata" ng katangi-tanging dangal at pambihirang *virtu* na bukal ng mapitagang pagkatakot. Masasalat ito sa masidhing pagtatampok sa halaga ng kalusugan ng bayan sa artikulong "America en Filipinas" (inilathala sa *La Independencia*, Hunyo 30, 1899): "We do not accept autonomy under American sovereignty because the greatest benefit it could provide the country would be to alleviate its ailments but not cure the disease. Only independence can procure the health and equilibrium of this society so deeply moved by the ideals of the revolution" (sinipi ni Laurel 13).

Kung uungkatin, ang mabisang estratehiyang lumitaw sa talambuhay ni Mabini (tingnan sa ibaba) ay ang pagdiin sa lakas ng isip sa pagdisiplina sa kilos at salita. Nakaangkla ito sa prinsipyo ng birtud, ang dangal ng pagkatao sa loob ng komunidad, na isinaad sa "El Verdadero Decalogo." Nakabatay sa batas ng kalikasan ang karapatan ng lahat ng tao, batay sa rason o pagkamakatwiran. Dito nagbubuhat ang pagkiling ng taong may nagsasariling kamalayan sa hustisya at katwiran. Bukod sa payong mahalin ang kapuwa gaya ng pag-ibig sa sarili, idiniin ni Mabini ang labis na halaga ng "pagsasarili" o soberanya ng bayan na garantiya ng kooperasyon sa progresibong komunidad, isang paksang masinop na tinalakay ni Majul (256–92). Samakatwid, hindi maihihiwalay ang sariling pagkatao sa kinalalagyang uri sa lipunan, sa katawan ng komunidad, na pagkakasanib ng polis at virtu/birtud—ang mabisang kakayahang kumilos—sa terminolohiya ng mga pantas ng kabihasnang Griyego at ni Machiavelli noong Renaissance (Lakoff & Johnson 372–90; Seigel).

Ang birtud at dangal ng tao, puring kaakibat ng amor propio, ay nakasilid sa habitus o disposisyong pisikal-sikolohikal, sa analisis ni Pierre Bourdieu (126–28). Naipahiwatig na rin ito sa "Ang Karampatan ng mga Tawo" ni Rizal at mga akda nina Bonifacio at Jacinto (Almario54–60). Tinutukoy rito ang espontayong pagsasaloob ng estrukturang panlipunan sa pakiramdam, sensibilidad, at pagpapasyang umakto. Iyon ang kondisyong nagtatakda sa ugali at asal ng bawat tao, na sakop ng konseptong batas-natural, likas na kakayahang mag-isip. Sa baliktanaw, maitataya na naikawing ang loob at labas na elemento ng mga pangyayari sa pagdalumat ni Mabini sa trayektorya ng kaniyang pakikipagsapalaran sa buhay na makikilatis sa diskursong LFR.

*Estigmang Naghunos sa Estigmata*

Masisipat na ang importanteng insidente sa buhay ni Mabini ay kaugnay ng edukasyon. Sinikap mapunan ang pagkukulang ng katawan sa kahigtan, lalim at lawak ng kaalaman. Sa saliksik ni Erving Goffman, ang anumang depekto sa katawan ay marka ng debalwasyon ng tao sa ugnayang sosyal. Hindi iyon permanenteng katangiang lalawig panghabambuhay tulad ng mga markang ipinapataw sa mga grupong etsa-puwera o itinakwil. Kumbaga sa logo/brand, isinusunog na lagda ng may-ari sa balat ng mga baka, kalabaw, kabayo, atbp. Ang pagkakaiba ng sinomang nilalang, sa gayon, ay negatibo o positibo depende sa kapaligiran (context). Ang depektong naging estigma ay may tatlong pinagbuhatan: 1) pagkasira ng kontrol ng katawan tulad ng paralisis, 2) aktong labag sa moral-etikal na istandard ng komunidad; at 3) kolektibong desisyon ng tribu o pangkat na kinabibilangan. Komplikado ang sitwasyon na dapat kilatisin sa paraang diyalektikal sa bawat tiyak na yugto ng kasaysayan.

Pagmunihan ang obserbasyon ni Goffman na naghalaw ng etiketang "stigma" mula sa gawi ng mga sinaunang tribung minamarkahan ang balat ng alipin, traydor, o kriminal. Paliwanag ni Goffman: "A stigma is really a special kind of relationship between attribute [of difference] and stereotype…The stigmatized and the normal are part of each other; if one can prove vulnerable, it must be expected that the other can, too. For in imputing identities to individuals, discreditable or not, the wider social setting and its

inhabitants have in a way compromised themselves; they have set themselves up to be proven the fool" (133). Makakatagpo natin ang mga ungas—ang mga ilustradong nagtsismis na biktima si Mabini ng sipilis, kabilang na si F. Sionil Jose na umayon sa prehuwisyong iyon sa nobelang *Dusk* (orihinal na pamagat: *Po-on*). Humingi ng paumanhin si Jose nang malamang naging instrumento siya ng malisyosong sabi-sabi. Kumpisal ni Jose: "So I had to correct this… So, to young writers who are into historical novels, never commit the mistake I made" (Guerrero).

*Pagsubok sa Pagsukat ng Larangan*

Sa karanasan ni Mabini, maaaring ipalagay na ang representasyon ng distansiya sa pagitan ng dalawang epoka (naturol na sa unahan) ay pangingibabaw ng utak/malay sa katawan. Karunungan at katapatan ang tulay na lulunas sa pinsalang naranasan ng mga nalugaming sinakop. Maituturing na sagisag ng walang kaganapan ang rebolusyon, at ang "body politic" ay paralisado sa pagsakop ng imperyong Amerika. Nahati ang bayan sa dalawang panig: ang sumukong ilustrado na nagsilbi sa bagong panginoon (sina Paterno, Buencamino, Arellano, atbp.) at mga tropang nagpatuloy sa oposisyon (sina Heneral Malvar, San Miguel, Sakay). Kaipala'y naipit si Mabini sa dalawang nag-uumpugang moda ng produksiyon: kapitalismo at piyudal-tributaryo. Sa ultimong pagtutuos, ang pagtataksil ng dating alagad ng Republika ang siyang pinakamasahol na sakit ng katawang pampolitika, higit pa sa paralisadong bahagi ng katawan—tinuligsa ni Mabini ang mga nagtaksil na mga *Autonomistas* at *Anexionistas* sa maraming lathalain, halimbawa, "Lo Que Dice y Quiere,' atbp. (Majul 367–96; Mabini, *Letters* 243–44, 253–57).

Sa mga uring makapangyarihan, ang buhay ay pakikibaka upang manatiling malusog at makipagtulungan. Ang buhay ay isang paligsahan at kooperasyon ng mga indibidwal. Pakikibaka iyon upang makamit ang gantimpalang prestihiyo at lakas o yamang hinahangad ng karamihan. Nakasilid rito ang lumang paniwala na hindi yaman ang nakataya kundi dangal, amor propio, pansariling kabutihan, pansariling layon. Saksi rito ang metamorposis ng piyudal na halagahan tungo sa makasariling etika ng burgesya/mangangalakal. Sa ano't anuman, tampok ang nangungulilang indibidwal, ang mariwasang angkang ilustrado, sa arena ng pakikipagsapalaran sa loob ng kapitalismong pampinansiyal/imperyalismo, na nagumon sa umaatikabong kompetisyon na rumagasa sa siglong 1845–1945.

Sa artsibo ng salaysay tungkol sa mga tanyag na Filipino, sina Rizal, Aguinaldo, Quezon, Magsaysay, at iba pa ang tanging nadulutan ng masustansiyang talambuhay. Sanhi nito ang maraming materyal—nakalimbag o pasalitang narasyon, pati sintomatikong rekord, ang naglalaan ng dokumentasyon (halimbawa ang *The First Filipino* ni Leon Ma. Guerrero; dagdag si McCoy). Kaunti lang ang ulat tungkol kina Balagtas, Hermano Pule, Heneral Sakay, Salud Algabre, Teresa Magbanua, atbp. Nasa gilid lamang ang maraming naglingkod sa pakikibakang pambansa para sa kalayaan at kasarinlan. Isa na rito si Mabini (tingnan ang biograpiya ni Mabini sa Agoncillo "Mabini"; Zaide; Ocampo).

Maipapalagay na isang kasong *singular* si Mabini sa panteon ng mga bayani natin. Binansagan ng "Dakilang Lumpo" dahil sa sakit na puwedeng maging sagabal ngunit naging isang palaisipan. Tinawag din siyang "Brains of the Revolution," etiketang "honorific." Kakatwa, kumbaga utak ang katangiang espesyal na nagbigay ng luwalhati sa katauhan, habang nalambungan ang marupok at mahinang binti at paa. Gayunman, naikintal na sa isip at memorya ng madla ang lumpong taong nakaupo sa *wheelchair*. Mas tanyag ang naipintang imahen na nakasakay sa duyan na karga ng ilang lalaki, mga kapatid ni Mabini, na sumuong sa peligrong kaligiran upang matulungan siya sa pagganap ng tungkulin sa kolektibong proyekto. Maraming pintura na naglalarawan ng paglalakbay ni Mabini sa duyang binalikat ng mga kapatid, kasama ang pulutong ng sandatahang tropa ng Republika na umuurong, umaatras, upang mabuo muli ang nagkawatak-watak na mga sundalong bagama't sugatan ay handa pa ring lumaban. Kagila-gilalas na eksena. Ito ang matingkad na imahen ng kooperasyon, balikatan, pagtutulungan, solidaridad, na pinakamagiting na birtud sa programang ipinaglaban ng mga kapanalig ng mga Propagandista at martir ng rebolusyong 1896.

*Pagtawid sa Gitna ng Sangandaan*

Dumako tayo muli sa kontradiksiyon ng katawan o kaluluwa. Alin ang pribilehiyadong protagonista sa buhay ni Mabini: utak o laman ng katawan? Tumingkad ang dibisyon ng espiritu at kalikasan buhat nang ilatag ni Descartes ang siyentipikong metodo ng pagdududa at eksperimentasyon (hinggil sa dualistikong sistema ni Descartes, konsultahin ang analisis nina Lakoff at

Johnson 391–414).

Sa bahaging ito ng pag-unawa sa sitwasyon ni Mabini, sisikaping bulatlatin ang iba't ibang tala ng buhay ni Mabini bukod sa natalakay na sa unahan. Susuriin at tatasahin ang iba't ibang disposisyon ng bayani sa perspektibong diyalektikal. Piniling datos lamang ang maihahanay. Hango sa komparatibang kalkulasyon, ilalahad dito ang problema ng pagsalaysay ng buhay ng isang nakihamok sa nahintong proseso ng rebolusyon. Mawawatasan na hindi simple ang proyekto ng paglikha ng talambuhay, lalo na kung ito'y sasalungat sa indibidwalistikong moda ng narasyon na nananaig hanggang ngayon. Pakay rito ang lumihis sa kaugalian at itakwil ang indibidwalistikong pananaw upang mapalitaw ang tunay na simbuyong mapagpalaya na siyang bukal ng kamaharlikahan ng mga protagonista ng pagbabagong radikal.

Isang hamon ang pagsubok na gumuhit ng mapang magsisiwalat sa mga biyak o butas, mga puwang at bitak, sa korpus ng naisakatuparan ni Mabini. Baka roon makasingit ang titig na sisiyasat sa lihim ng maaliwalas na mukha ng "Sublime Paralytic" at makitang gumagalaw ang mabighaning kurba ng bibig. Masusubaybayan natin ang abentura ng balak na lunasan ang napinsalang hati ng katawan sa pagpapagalaw ng mga lalawigan at munispyong inorganisa ng mga batas na ginawa ni Mabini sa *Panukala* at iba pang akda. Sa halip na daliriin ang detalye ng kaisipan ni Mabini, na mahusay na hinimay at sinuri ni Cesar Majul sa kaniyang *Mabini and the Philippine Revolution*, tangka ng diskursong ito ang pagninilay-nilay sa interaksiyon ng saloobin at karanasan ng bayani. Sa pagitan ng teksto't diskursong napili, sisilipin doon ang simbolikong kompigurasyon ng kahulugan na maaaring makatulong sa pag-unawa sa kasalukuyang krisis. Mahigpit na magkaugnay ang talambuhay ng bayani at kasaysayan ng sambayanang lumalaban sa kolonyalismo't imperyalismo.

Nasubaybayan ni Anthony Giddens ang suliranin sa paghubog ng talambuhay kaugnay ng *biopolitics* sa perspektibong postmoderno. Noong sinaunang panahon, bukod sa kronika ng mga ginawa ng mga hari't maharlika o mga santo, walang saysay ang buhay ng karaniwang tao. Nang kumalat ang Kristiyanidad, naging importante ang bawat kilos ng katawan kaagapay ng kaluluwa. Kaya ang kumpisal/talaarawan ni San Agustin ay naging huwaran, ulirang ebidensiya ng kontrol ng kaloobang nagnanais (*Will*) sa katawan. Bagong pananaw sa kabihasnan ito na lumaganap noong nanaig ang doktrina ng Protestanteng Repormasyon. Noong epokang medyibal, ang identidad ng bawat tao ay laging nakasingkaw sa angkan, kasarian, relihiyon, istatus panlipunan, lugar na tirahan, atbp. Pagsipot ng burgesyang uri sa merkantil-industriyalisadong kalunsuran, gumuho ang halaga ng tradisyon at kostumbreng tradisyonal. Tumingkad ang dibisyon ng trabaho, tumampok ang katangian ng bawat personalidad. Pagpasok ng modernong edad, naging "reflexive project" ang *physiognomy* ng sarili, katugma ng "reflexive historicity of modernity" (Giddens 1991, 76; sangguniin din sina Gerth and Mills 1953, 139–41). Napansin na ang ayos at hugis ng katawan sa ordinaryong pakikisalamuha na itinuring na ebidensiya ng disposisyon ng isip, damdamin, budhi, kaluluwa.

*Nakumpiskang Modernidad*

Nasa bukana ng modernidad ang pagpupunyagi ni Mabini na maging makabuluhan sa panahong Hulyo 23, 1864 hanggang Mayo 13, 1903. Anong bakas ng pag-iral ang naiwan niya? Walang siyang iniwang pansariling talambuhay, at ilang datos lamang ang puwedeng magamit sa naratibo ng sariling paglaki't pagtatamo ng makasariling kamalayan. Walang kumpisal o talaarawan na salamin ng karakter, temperamento, at milyu. Hindi ito "heroic" o "popular" na biyograpiya na tinukoy ni Alfred McCoy sa kaniyang argumentong ibinungad sa librong *Lives in the Margin*. Maitanong: sino ang nag-imbento ng kategoryang "margin" at "center" na karatulang hihimay at maghuhusga sa signipikasyon ng magulo't mapanganib na buhay ng Filipino?

Masalimuot ang kaso ni Mabini. Sa malas, hindi dagling maipagpapasyang "heroic" o monumental ang tipo ng biyograpiyang matutunghayan. Dahilan nito ang pagkalumpo niya at pagkamatay nang maaga, kagyat makabalik sa pagkadesterado. Halungkatin natin ang hinabing sumaryo ng kaniyang buhay. Bawat kronika ay tigib ng kontradiksiyon na umaapaw sa paligid ng krisis o sa katahimikang nakapaligid dito. Ano ang mga kontradiksiyong kalakip sa mga pangyayaring sumasagka sa mahinahong daloy ng buhay? Mababanaagan kaya natin ang balangkas ng isang parabula o alegorya sa ilang pangungusap na sinipi ni Ambeth Ocampo sa mga liham at nakatagong manuskrito?

Subukan natin. Sa bisa ng *synecdoche*, ang bahagi ay magsisilbing indeks o kondensasyon ng kabuuan. Mapapansin ang tampok na mga pangyayaring

nakakintal sa memorya ni Mabini na bunga ng kaniyang dalumat tungkol sa papel na kaniyang ginampanan sa himagsikan. Isinatitik niya ito noong nakadestiyero sa Guam, petsa ika-17 Pebrero 1900, sa kahilingan ng isang Amerikanong opisyal.

Tulad ng pormal na talastas, inirekord ni Mabini ang petsa at lugar (Tanawan, Batangas) ng pagsilang. Bukod sa okopasyon ng magulang—uring pesante, ang pagdaralita ng magulang—nakasentro ang edukasyon at gabay ng angkan. Hindi marunong bumasa o sumulat ang kaniyang ama. Mauunawan na nais punan ng anak ang pagkukulang ng ama. Iyong pagkatuto ang itinanghal ni Mabini bilang pagpupugay sa ama ng kaniyang ina, si Juan Maranan, isang ulirang guro sa lalawigan (Majul 19). Nagpatuloy siya sa Escuela de Latinidad sa kanugnog na nayon ng Bauang (Laurel 11). Malaki ang impluwensiya ng gurong Padre Valerio Malabanan sa unang tatlong taon ng pag-aaral ni Mabini na nagpunla ng habitus ng gitnang saray (petiburgisya), produkto ng edukasyong kolonyal, na nakaugat sa piyudal na ekonomiyang pampolitika, na kontrolado ng fraile ang lakas-paggawa ng mga Indio, sangkalan ng kapangyarihan ng Simbahang Katoliko at monarkiyang Espanyol.

Ilagay natin ito sa konteksto ng kasaysayang pandaigdigan. Katatapos lamang ng giyera sibil sa Amerika at paggawad ng karapatang maging mamamayan sa dating esklabong Aprikano (Morison 692–704). Sa pagitan ng 1869 kung kailan nabuksan ang Suez Canal at 1894 kung kailan inumpisahan ni Sun Yat-sen ang pagputol sa dominasyon ng dinastiyang Manchu sa Tsina, nakapasok si Mabini sa kategoryang *ilustrado,* kolonisadong sabjek na empleyado ng gobyerno. Bukas na ang Maynila sa kalakalang pandaigdigan, kaya hindi na kasindak-sindak ang mga pangyayari sa Aprika, Tsina, Norte Amerika. Samantala, sa Estados Unidos, tinalo si Heneral Custer ng mga Sioux at Cheyenne sa Little Bighorn River noong 1876. At noong 1877, ipinataw ang Jim Crow Laws at segregasyon na nagbalewala sa progresibong hakbang ng Reconstruction (Morison 705–25). Karamihan sa mga tropang ipinadala sa Pilipinas ay mga beterano ng mga giyera laban sa katutubong Amerikanong pinaslang o ipiniit sa "reservation." Kahambing iyon ng "hamletting" sa Batangas at Laguna na barbarikong estratehiya upang masugpo ang mga gerilya ng Republika, praktikang naging modelo ng U.S. kontra-insurhensiya sa Vietnam (Francisco 17–20) noong panahon ng Cold War.

*Ilang Muhon sa Landas ng Subersibong Kamalayan*

Ang sumusunod na mga talata ay sumaryo ng mga itinampok na pangyayari sa LFR na tatanglaw at maglilinaw sa paghubog ng karakter at kaisipan ng bayani.

Dumako tayo sa yugto ng pagsasanib ng bukid at lungsod, ng gawing pesante at ugaling estudyante-guro sa Maynila. Tunghayan natin ang bahaging sinalungguhitan ni Mabini kung saan maipapahiwatig na, sa pag-inog ng karanasan, naghunos ang estigmang dumapo sa estigmatang naikabit sa kaniya bilang taga-tagubilin kay Aguinaldo. Lumalakad nang matiwasay ang binata, tumitingkad ang selula sa utak. Sundan natin ang pakikipagsapalaran ng taga-nayon, ng probinsiyano. Pumasok si Mabini sa San Juan de Letran noong Hulyo 1881, 17 taong gulang, sa bisa ng iskolarsyip. Napilitan siyang umuwi nang dumagsa ang kolera epidemik noong 1882. Nag-umpisa na siyang magtrabaho bilang guro sa Latin sa tulong ni Padre Malabanan sa Bauan, Laguna, noong 1882–83. Trabahong mental ang nagligtas sa karalitaan ng magulang at uring anakpawis.

Bumalik si Mabini sa Maynila noong 1884–85 upang tapusin ang kurso sa pilosopiya sa San Juan de Letran at Unibersidad ng Santo Tomas. Naging guro siya sa eskuwela ni Sebastian Virrey sa Lipa noong 1886–87. Noong 1881, nagturo siya ng Latin sa eskuwela ni Melchor Virrey. Bumalik siya sa Maynila pagkaraan ng dalawang taong pagtuturo, tinapos ang mga kursong ikapagtatamo niya ng Bachiller en Artes at Profesor en la Segunda Ensenanza sa kolehiyo ng San Juan de Letran. Lumalakad pa siya, marahil nagmamasid sa kalagayan ng mga kababayan sa pagitan ng lungsod ng Maynila at mga nayong pinamugaran ng uring magsasaka't mangingisda (Zaide 1970, 282–87).

Samantala, lumala ang tunggalian ng mga katutubo't kolonisador noon. May nagsabing nagkakilala sila ni Miguel Malvar sa Lipa. Noong 1888 nangyari ang pagtaboy ng fraileng Dominicano sa mga ingkilino sa Calamba, kasangkot ang pamilya ni Rizal. Hindi maikukubli o maipagwawalang-bahala ang kondisyon ng mga magsasaka sa kanugnog-bayan. Bukod sa magsasaka, ang ama ni Mabini ay *cabeza de barangay* sa Talaga, Tanawan, Batangas (Majul 19–20, 64-69).

Pag-aaral at pagtuturo ang disiplinang humubog sa habitus ni Mabini. Mula 1888 hanggang 1894, nagpunyaging matuto upang maging abogado habang naglilingkod bilang katulong sa Korte ng Maynila at

pangalawa kay Numeriano Adriano, eskribyente ng batas, at kasama ni Mabini sa masoneria (Philippine Center for Masonic Studies; Mabini, *Letters* 1–3). Naging eskribyente si Mabini sa Intendencia General at nagturo sa pribadong eskuwela ni Raymundo Alindada, dating kaklase niya sa Letran (Zaide 283–84).

Maisisingit dito na habang nag-aaral si Mabini sa dalawang kolehiyo, nag-umpisang naikalat ang *La Solidaridad* sa arkipelago simula 1889 hanggang 1895 (Constantino 150–51). Adhikain niyon ay asimilasyon at Hispanisasyon, na kapuwa tinuligsa ni Rizal sa dalawang nobelang *Noli Me Tangere* (1887) at *El Filibusterismo* (1891). Sa huling akda, itinakwil niya ang ilusyon ng repormistang grupo sa Espanya. Walang pasubaling nakaabot ang mensaheng ito kay Mabini, kaya hindi hiwaga na maging kasapi siya sa *Liga* nang mailunsad ito noong Hulyo 3, 1892 (Majul 97–103; Mabini, *Letters* 37–38). Engkuwentro ng indibidwal at kolektibong sikhay ang naganap. Isang landas ng pagsisikap mapaunlad ang likas na birtud ang tinahak ni Mabini. Hindi na kailangang maglakbay pa sa Europa ang anak ng pesante upang makamit ang dunong at kadalubhasaan sa pagka-guro at maging karapat-dapat na kasapi sa mga organisasyong politikal. Kailangan lamang galugarin ang mayamang daloy ng fortuna, sunggaban ang pagkakataon, at humabi ng pamamaraang mahuhugot sa kontemporanyong kabihasnan at minanang kaugalian.

*Dapithapon ng Oskurantismo*

Matiyagang natuto si Mabini ng abogasya mula sa perspektibong Tomistiko/Eskolastiko ng mga prayle sa dalawang paaralan (Reyno 1964; Majul 1960, 87–90). Maiging naisadibdib ang batas pangkalikasan (*lex natura*) na lohika ng mga karapatang likas ng tao batay sa rasyonalidad, na idinambana ng mga deistang pantas ng Kaliwanagan (Rousseau, Diderot, Voltaire) at ng masoneria. Subalit isang ideya ang lumihis sa tradisyon, na sa palagay ko ay hango sa turo ni Spinoza hinggil sa moda ng taong nakatigil o gumagalaw, lalo na kung inudyukang maghiganti (2000,196, 221), Umaayon si Mabini na bawat tao ay nagsisikap manatiling buhay at, taglay ang birtud ng *conatus*, nagmimithi ng kalayaan at kaganapan. Bahagi ng pedagohiya ng mga Propagandista at masoneria sa Europa ang rasyonalistikong pangitain at naturalismong radikal ni Spinoza.

Samantalang nililinang ni Mabini ang potensiyal ng katawan, pumutok ang digmaang Franco–Prussia sa Europa, sinundan ng makasaysayang 1871 Paris Commune. Senyas ito na bumangon na ang "impakto" *(specter*) ng komunistang proletaryado. May palatandaan na rin sa kolonya na gumigising na ang masang anakpawis (Veneracion 1987, 43–50). Supling iyon ng matipunong tradisyon ng paghihimagsik mula kina Lakandula, Dagohoy, Juan de la Cruz Palaris, Gabriela at Diego Silang, Hermano Pule, atbp. Isang hudyat ng pagbabago ang aklasang 1872 sa Cavite at pagbitay kina Padre Burgos, Gomez, at Zamora. Iyon ang hudyat ng pagbunsod ng pagbabangon ng mga inaapi, testigo ni Rizal (Constantino 1975, 142–44; tingnan ang Mabini 1990, 21–23). Isang babala ang pagsabatas sa Amerika ng 1882 Chinese Exclusion Act. Maituturing iyon na signipikasyon ng tumitinding rasismong ipinamalas sa 1890 masaker sa Wounded Knee. Kasabay ng pagkilos ng Katipunan, naipasa sa Korte Suprema ng Estados Unidos ang 1896 Plessy vs. Ferguson na desisyon na nagpatibay sa mahigit isang siglo ng segregasyon (Zinn et al, 2008, 9–28). Parikalang pag-inog ng mga kontradiksiyon sa iba't ibang rehiyon ng daigdig, pruweba na di-pantay ang pagsulong ng iba't ibang kabihasnan.

Dahil sa paghihikahos ng magulang, napilitan si Mabini na magtrabaho habang nag-aaral. Hikayat ng kalooban na magkaroon ng kamulatan bilang kapalit ng materyal na kayamanan. Dunong at paglinang sa sariling kakayahan ang napagbuhusan ng matimtimang pag-aruga. Nabanggit ni Mabini ang pagkamatay ng ina nang siya ay nakadestino sa Bauan. Mapaglilirip natin kung anong dalamhati ang bumalot sa puso ng binatang anak (Agoncillo, "Mabini," 8; Mabini, *Revolution* 1). Ang ama ay buhay pa hanggang 1897 nang lumabas siya sa piitan. Nang kompletuhin niya ang historya ng rebolusyon sa selda sa Guam, inialay ang kaniyang obra maestra sa ina na nangarap maging pari ang anak. Ang akdang LFR ang naging ritwal ng pagpupugay sa ina. Kontra sa teorya ni Freud, marahil ang pulutong ng mga lalaki ay nakahadlang sa anumang kompetisyong bunsod ng simbuyong libidinal na makupkop ang ina (Erikson 1963, 258–69). Hindi naglingkod sa Simbahang Katolika ang anak kundi nagsilbing tribuno sa estadong sekular ng unang Republika.

*Ahensiya sa Transpormasyon*

Sa daloy ng gunita ni Mabini, sinalanta siya ng paralisis noong dakong Enero 1896, ang taon ng pagsiklab ng pagbabalikwas ng Katipunan. Noong Oktubre 1896, binihag ng gobyerno ang paralitikong

abogado sa salang insureksiyon. Hindi siya inilagak sa Fort Santiago dahil lumpo, kaya sa San Juan de Dios Ospital siya itinalaga. Isa sa kaibigan niyang pinaslang ay si Numeriano Adriano at iba pang kapanalig—kabilang sina Moises Salvador at Domingo Franco—na binitay ng gobyerno (Majul 65–66; Agoncillo & Guerrero 156–58).

Ang pagsapi ni Mabini sa grupong propesyonal ang nagtulak sa pakikisangkot niya sa publikong espasyo ng pakikipagpalitang-kuro at pakikisalamuha. Nabunot sa ugat ng uring pesante ang fiibusterong abogado. Sa harap ng Amerikanong opisyal, hindi niya inamin na kasapi siya ng mga rebelde. Sa katunayan, kasangkot na siya sa *Liga Filipina* ni Rizal noong 1992 nang binuo muli ito nina Bonifacio at Domingo Franco nang maitapon si Rizal sa Dapitan. Inihalal siyang sekretaryo ng Konsehong Supremo ng *Liga*. Bago rito, naiulat na miyembro ng Balagtas Lodge ng masoneria si Mabini noong Setyembre 1892. Kalahok si Mabini sa *Cuerpos Compromisarios* na sumuporta sa *La Solidaridad* ni Marcelo del Pilar (Reyno 7; Constantino 154–55). Bakit kaya sinabi niya na nagkamali ang gobyerno sa paghuli sa kaniya bilang filibustero?

Magugunita na balintuna o kakatwa ang deklarasyon ni Mabini na wala siyang kinalaman sa himagsikan (Mabini, *Rebolusyon* xxvii). Tila sinusubok ni Mabini ang Amerikanong opisyal. Sa obserbasyon niya sa *LFR*, sa buong panahon ng kolonisasyon, "ang lahat ng batas ng sangkatauhan ay taglay na ng sinumang mamamayan. Kung gayon namalaging nasa estado ng pakikidigma ang bayan bagaman namamayani ang kapayapaan sa lahat ng dako sa loob ng tatlong siglo" (2015, 24). Kung hindi payagang gamitin ang mga karapatan ayon sa *lex natura*, magkatunggali ang sambayanan at gobyerno. Hanggang ngayon, tayo ay nakasadlak pa sa loob ng rumaragasang pakikidigma sa mga mananakop.

### *Hinagap ng Sandatahang Kaluluwa*

Nakatindig pa ang binatang masisila ng polio. Bago pa malunsad ang hukbo ng Katipunan sa Pugadlawin noong ika-23, 1896, magkabalikat na sina Mabini at kampo ni Bonifacio, kasama ang masang tutol sa kolonyalismong Espanyol. Nang pakawalan siya pagkaraan ng siyam na buwan, nagtungo si Mabini sa Los Baños upang malunasan ang sakit na puminsala sa kaniyang kalusugan buhat pa noong 1895; bandang Enero 1896 na siya tuluyang naparalisado. Sa Los Baños, kinalinga siya ng pamilya ni Paciano Rizal, kapanalig ni Emilio Jacinto. Nagkakilala sila sa loob ng sirkulo ng organisasyong *Liga Filipina*. Taon yaon nang si Aguinaldo at mga hinirang na opisyal ay nasa Hong Kong mula Disyembre 1897 (Cruz Araneta).

Tanyag na si Mabini sa sirkulo ng mga progresibo dahil sa pagkatha ng "El Verdadero Dekalogo" at "Ordenanzas de la Revolucion." Lumpo, ngunit hindi pa kilalang aktibista ang abogadong umahon mula sa bukid. Habang nagpapagaling sa Los Baños, pinatawag siya ni Heneral Aguinaldo na nakahimpil sa Kawit, Kabite, sa kabila ng protesta niya sa napagkasunduang Pakto ng Biak-na-Bato noong Disyembre 1897. Dito sa okasyon ng paglipat sa Kawit, Kabite, nagwakas ang narasyon niya para sa Amerikanong opisyal sa Guam.

Iniwasan ni Mabini ang madetalyeng paglalahad sa abentura ng buhay-publiko. Hindi sagwil iyon na magsilbing basehan ng mga sumunod na talambuhay na likha ng iba't ibang iskolar tulad nina Teodoro Kalaw, Majul, Ocampo, atbp.

Mapaglilimi na para kay Mabini, ang paglalakbay mula sa baryo Talaga, Tanawan, Batangas, patungong Kawit, Kabite, ang pinakamakatuturang pangyayari sa buhay niya. Ang tulay mula sa bukid hanggang sa lungsod ng Kawit at Malolos ay walang iba kundi ang institusyon ng edukasyong umiral sa loob ng teokratikong rehimen. Iyon ang *prosthetic* na lumunas sa pagkapilay. Ipinagtambal ang panaginip ng ina at kaniyang pagsisikap makahulagpos sa nibel ng uri ng ama. Isinudlong ang nayon at lungsod, ang bukid at silid-paaralan, sa pakikipagsapalaran ni Mabini. Wari bagang nanganganib magkaroon ng paghahati ang fortuna at virtu sa trayektorya ng kaniyang pakikipagsapalaran.

Sa pagpupunyaging mailigtas ang mga magulang sa pagdaralita, sinikap ni Mabini na maghanapbuhay. Hindi niya binanggit ang pitong kapatid na kailangang kumain, bagkus ibinigkis sa sariling kapakanan. Tila baga walang nagsasariling kaluluwang may pangangailangan o panaginip kundi ang utak na nais makilahok sa panlipunang gawain at kinagisnang tungkulin ng guro/abogado. Kung may talab ang kalikasang nakapaligid sa lawa ng Taal o sa pook ng Tanauan, Bauan o Lipa, iyon ay lugar lamang upang mapagtibay ang dunong at sipag ng guro at abogadong sinalanta ng polio. Kosmopolitan at internasyonal na ang kuwadrong ginagalawan ng espiritu ng lumpo.

*Ang Interbensiyon ng Babae sa New York*

Idako natin ang imbestigasyon ng repleksibong pagninilay ni Mabini sa lagusan ng kaniyang espiritu—na laging kaakbay o kaagapay ng paralitikong katawan. Alinsunod sa turo ni Spinoza, pilosopong Hudeo, ang katawan at kaisipan ay atributo ng isang Substance, *deus sive natura,* kaya hindi maipaghihiwalay ang dalawa (113–61). Kung ano ang galaw ng isip, gayundin ang galaw ng katawan. Unti-unting nabubunyag ang paralelismo ng dalawang atributo sa moda ng dalumat ni Mabini, na yumayari ng lagusang magbubuklod sa alyenadong malay ng mga kolonisadong katutubo.

Tunghayan din ang atensiyon ni Mabini sa halaga ng pook sa sagot niya sa liham ni Luisita Blanchard mula sa Brooklyn, New York, noong ika-19 Nobyembre 1900. Nabanggit ang nayon na kinamulatan sa pagitan ng Kabite at Laguna, sa pagitan ng lawa ng Bay at lawa ng Taal. Maiintindihan ang dalamhati ng desterado kung titimbangin ang bigat ng pag-ibig sa lupang tinubuan sa mentalidad ng rebolusyonaryong Filipino. Ang liham ng babae at tugon ni Mabini ay nagsilbing tulay sa pagitan ng lahing magkaaway.

Nasambit din ni Mabini na taal na katutubo siya: "By my father and mother I am of pure native origin" (Ocampo, "Mabini by Mabini"). Ano ang ibig ipahiwatig nito? Makahulugang baybayin natin ang kahulugan ng huling bahagi ng liham ni Mabini. Sa panahong sinasagot niya ang liham, kalalabas lamang ni Mabini sa Fort Santiago kung saan ikinulong siya (11 Disyembre 1899–23 Setyembre 1900) pagkadakip sa Cuyapo, Nueva Ecija, sa tulong ng mga traydor na kababayan. Katibayan ng pagsasanib ng katawan at diwa ang sagot niya sa mensahe mula sa Amerikanang nakatira sa Brooklyn, New York.

Sa simula ng liham, nagpasalamat si Mabini sa hinaing simpatya at pagkakaibigan ng babae, at sa pagdamay sa kaniyang kasawiang-palad bilang lumpo. Sa gayon, natanggal ang anumang estigmang kaakibat ng sakit. Nakipagkamay na lamang siya pagtawid sa dagat dahil, sa kataga ni Mabini, "it is indiscreet to kiss" [your hand]." Paano matatanto na hindi dapat kaawaan siya o gawing obheto ng kawanggawa? Mapapansin na sa pakikipagsapalaran ni Mabini sa larangan ng publikong alitan, napalitan ng Inang Bayan ang puwesto ng magulang. Sabayang binalewala niya ang napinsalang katawan at sakit sa harap ng kaniyang serbisyo sa bayan. Sa huling pagtutuos, nagapi ng utak ang marupok na paa at binti, at napagtagumpayan ang sinalantang bahagi ng katawan:

> Since January 1986, I cannot stand because of a weakness in my waist and legs. I do not suffer any other ache and I look as if I were not sick. The physicians say that I will never recover my health, but I do not despair because I am still able to do something good for my country. Fortunately I have neither wife nor children, for this reason is more tolerable the sadness of my life, for I do not suffer in my loves except in that of my country. My father and mother are dead (Ocampo 2012).

Sinusuyo ng binata ang Inang Bayan, ang dahilan ng kaniyang dalamhati. Pakiwari ko na estratehikong pagdulog ang masasapantahang himig ng huling bahagi sa sulat. Nais ni Mabini na alisin ang estigma. Dahil wala siyang asawa o pamilya, at yumao na ang kaniyang mga magulang, nalalabi na lamang ang Inang Bayang naghihintay ng saklolo. Naulinigan natin ang pintuho, ang himutok, ambil ng pakikiramay. Makapaglilingkod pa si Mabini—sa tulong nga mga kapatid na tumulong sa paglalakbay niya mula Kawit at Malolos, hanggang sa bilibid ng Guam. Pakikipagtulungan at solidaridad ang paninindigan ng lumpong aktibista.

*Paraluman sa Kabilang Baybayin*

Sa pagpapasalamat sa korespondente, hinandugan ni Mabini ng isang pahina ng Pambansang Awit. Kalakip ng sulat ang balita na mahilig siyang magbasa ngunit ignorante sa musika. Ayon kay Ocampo, nawala ang sagot ng babae subalit narito ang pakli ni Mabini: "[Y]ou are a true Filipina by heart and feelings and so I love you and admire you. Your dream is very strange indeed, but very explicable to the Spirits or believers in the spirits…I appreciate the American women in their culture and independent habit which render them utterly helpful workers to the aggrandizement of womankind. You are a highest example" (Ocampo; hinggil sa liberalismong trato niya sa kababaihan, Majul 336–39). Naisiwalat dito ang pagpupugay ni Mabini sa lakas ng komunidad ng kababaihan sa Estados Unidos kung saan nakadestino si Blanchard, na tinawag ni Mabini na "true Filipina," simbolo ng pagtatambal ng dalawang lahing noon ay magkaaway at nagtatagisan.

Hindi pa napagpasyahang ipatapon si Mabini noon kaya maluwag at mahinahon pa ang kalooban. Bukas pa ang damdaming makipagkomunikasyon sa sinoman sa kabilang ibayo ng Dagat Pasipiko. Isakonteksto natin sandali ang engkuwentro nina Mabini at Blanchard.

Inangkin na ng liderato sa Washington noon pang 1898 ang Hawaii. Kasalukuyang umaalimbukay ang rebelyong Boxer sa Tsina. Hindi sagabal ito sa kombersasyon ng dalawa sa pamamagitan ng koreo. Nakapupukaw ang pakikibahagi ng isang panaginip ng babae na, sa palagay ni Mabini, ay maipaliliwanag lamang ng mga taong naniniwala sa espiritu at kababalaghan. Laganap ang pagkahumaling sa mga espiritista at manghuhula sa U.S. noong huling dekada ng Siglo 1800 (Lears 174–80). Sintomas ng krisis panlipunan ang pagkahumaling sa ritwalistikong relihiyon.

Dagdag sa komentaryo: kahit maramot ang salitang sinipi, mapupuna rito ang pagkamaginoo ni Mabini kaakibat ng udyok ng kaluluwang makibahagi. Ito marahil ang hamon o amuki sa abogado na makipagkaibigan sa gitna ng madugong digmaan ng dalawang lahi. Mawawatasang nahipo't nagalaw ang pugad ng simbuyong sunggaban ang pagkakataong magkadaupang-palad ang dalawang kabihasnang nahati ng giyerang Espanya–Amerika. Pakiwari kong isang ironiya ito na nagbunga ng pagpapatapon kay Mabini sa Fort Asan, bilangguan sa Guam, kapiling ang mga magiting na Heneral Ricarte, Hizon, at Pio del Pilar. Tuluyang kinabitan ng estigmang "insurecto" o "recalcitrant" ng mga manlulupig ang kahabag-habag na lumpo.

*Testimonyo sa Parusang Destiyero*

Pagmunihan natin ang opinyon ni Heneral Arthur McArthur (ama ni Heneral Douglas McArthur) tungkol kay Mabini na ipinaabot kay Senador Henry Cabot Lodge sa U.S. Senado noong 1902. Nilagom doon ang walang habas na oposisyon ng "insurecto" sa imperyalismo: "Mabini deported: a most active agitator; persistently and defiantly refusing amnesty, and maintaining correspondence with insurgents in the field while living in Manila, Luzon…" (Mabini, *Letters* 323). Dagdag pa ni MacArthur: si Mabini ay "highly educated young man," produkto ng edukasyong klasiko, taglay ang "very flexible, imaginative mind," at komprehensibo ang kaalaman.

Dugtong ng heneral: si Mabini ay mayroong "dream of a Malay confederacy…of blood. He is a dreamy man, but a very firm character and of very high accomplishments. As said, unfortunately, he is paralyzed. He is a young man, and would undoubtedly be of great use in the future of those islands if it were not for his affliction" (U.S. Congress). Naimbentaryo dito ang tatlong tendensiyang tumalab sa buhay ni Mabini: ang inaning karunungan sa pag-aaral, ang dominanteng kaisipang humanistiko, at oryentasyong akma sa progresibong kinabukasan na sumasaklaw sa relasyong pandaigdigan, ang mapanghimasok na lakas ng monopolyo-kapital ng U.S. Ang puwersa ng huli ay umabot na sa Oceania at Asya sa medyasyon ng Digmaang U.S.–Espanya ng dalawang imperyo at Digmaang Filipino–Estados Unidos ng imperyalistang burgis at rebolusyonaryong masa ng pesante't proletaryado, bahagi ng labanan ng mga api at dominanteng burgesya sa larangang internasyonal.

Para sa sundalong Amerikano, ang sakit ni Mabini ay mabigat na balakid. Gayunman, andam ng heneral ang matipunong intelihensiya ni Mabini na hindi nabawasan ng mapangaraping ingklinasyon. Magugunita na kasangkot si Mabini sa negosasyon sa mga Amerikano noong Marso 1899 nang tanggihan niya ang alok na autonomiya sapagkat umayaw ang mga mananakop ng *ceasefire* at *armistice*. Natasa ni Mabini na hindi mapagkakatiwalaan ang mapagkunwaring salita ng mga Amerikano, na itinuring siyang 'Irreconcilable" (Forbes 51). Nasubok rin niya ito nang kausapin niya si William Howard Taft nang siya'y bilanggo noong Disyembre 1899 (Majul 390–91; Mabini, *Revolution* 69–71).

Alingawngaw ng bulong-bulungan ng mga mestizong ilustrado na si Mabini ang "camara negra" ni Aguinaldo (Agoncillo, "Mabini" 9). Kontra ito sa katotohanan na lahat ng tagubilin niya sa presidente ay may paunlak na "Mag-otos po kayo at sabihin lamang ang inyong pasya sa bagay na ito" (Ocampo, "Mabini's Curse"), Wala pang isang taon (Hunyo 1898 hanggang Mayo 1899), napatalsik na siya sa gabinete at kapagkuwa'y nagbitiw ng katungkulan sa gobyerno. Natikman niya ang madayang sabwatan ng mga taksil na ilustrado, kaya hindi mapatatawad ang sinomang nagtangkang sugpuin ang kaloobang hinugis ng virtu at fortuna, ang silakbong mapagpalaya ng paralitiko.

Naimungkahi ni Ocampo na hindi romantiko si Mabini. Pinaratangan nga siyang salaula o bulagsak sa pagkahawa ng sipilis na kaipala'y susi sa tadhana ng sinalantang katawan. Bunsod iyon ng inggit at pangingimbulo ng mga kuhilang ilustrado. Nang imbestigahin ang kaniyang labing buto sa isang autopsiya noong 1980, napatunayan na biktima siya ng polio, hindi kamandag ng sipilis (Ocampo, "Mabini's Curse"). Walang bisa ang kaniyang paa, binti, at baywang. Tumalab iyon na umubrang estigma at

*pretext* sa pag-aglahi't upasala ng mga aristokratikong miyembro ng Kongreso sa Malolos. Isinakdal siya bilang isang protagonistang kakila-kilabot na sugo ng mabangis na salot (Ocampo, *Ghost*).

*Pagbabalik Sa Lupang Tinubuan*

Dalawang taon (Enero 15, 1901–Pebrero 26, 1903) namalagi si Mabini sa piitan sa Guam. Pinahintulutan na siyang makauwi nang pumayag pumailalim sa kapangyarihan ng Estados Unidos. Sumumpa siya sa tanggapan ng Collector of Customs sa Maynila, hindi sa kuta ng militar sa Guam. Pahayag niya sa isang patalastas sa peryodiko: "After two long years I am returning, so to speak, completely disoriented and, what is worse, almost overcome by disease and sufferings. Nevertheless, I hope, after some time of rest and study, still to be of some use, unless I have returned to the Islands for the sole purpose of dying" (Mabini, *Letters* 305–06; Foreman; Reyno 11). Hindi tumigil si Mabini sa pagtugis sa mga humahadlang sa pagkamit ng kalayaan at soberanya. Laging nakalaang umaktong kagamitan o kasangkapan sa kolektibong proyektong maisakatuparan ang mithiin ng rebolusyon, walang iba kundi ang kasaganaan at kabutihan ng sambayanan.

Nang maging kolonisadong sabjek ang bilanggo, inalok siya ng salapi at mataas na posisyon sa gobyerno; tinanggihan niya itong suhol at tukso. Maraming espiya ang sumugod sa kaniyang tirahan sa Nagtahan, Maynila, upang amukin siya. Sumbat niya na kahiya-hiya ang korupsiyon sa gobyerno at kataksilan ng mga kababayan na ipinagbili ang dangal sa ilang supot ng salapi. Lahat ng kasapakat ng rehimeng Amerikano ay nabigo. Ang salot na kolera lamang ang nakapasok sa tahanan; inilugmok ng kolera ang bayani noong Mayo 13, 1903. Tatlumpu't siyam na taong gulang ang yumaong paralitiko sa Nagtahan, malapit sa tulay kanugnog ng Malakanyang.

Kilala ng taumbayan si Mabini bilang ama ng Konstitusyon bagama't sa huli'y ipinasa ang borador ni Calderon. Nilikha niya ang batayang padron nito sa dokumentong *Panukala* at "Programa Constitucional de la Republica Filipina" (Majul 165–99). Sapagkat "insurecto" pa rin ang trato ng dayuhang awtoridad, ang bangkay ni Mabini ay itinuring na emblematiko ng Republikang nagapi. Ang nasupil na Republika ay nanatiling puwersang pampolitika sa puso at budhi ng mayoryang tutol pa rin sa banyagang nagtagumpay sa digmaan. Hindi pa rin tahasang nalugmok ang bayan sa sawing kapalaran.

Kaya hindi kataka-taka ang masiglang manipestasyon ng pagdamay sa burol ni Mabini. Mahigit walong libong mamamayan ang sumunod sa prusisyon na kabilang ang 12-kabayong karwahe sa lungsod ng Maynila. Umapaw ang simbahan sa Binondo sa dami ng mga dumalong kasapi ng Iglesia Filipina Independiente at mga beterano (Nery). Samantala, patuloy pa rin ang "insureksiyon" ng mga gerilya ni Heneral San Miguel at Sakay, na binansagang "bandido" o tulisan. Habilin ni Mabini sa mga nagluksa: "Dapat tayong umasal na maginoo upang ang henerasyong darating, nagdarasal para sa ating kapayapaan, ay mag-aalay ng luha ng pag-ibig at pasasalamat, hindi mapait na mura at sisi" (sinipi ni Agoncillo, *Nationalism* 234), Sakripisyong alay ng mga mandirigmang martir at rebelde ang magpupurga sa lagim ng nakalipas.

Samantala, ano ang nangyayari sa buong daigdig? Sa taong ibinurol si Mabini, naitatag ni Ford sa Estados Unidos ang unang *assembly line* sa pabrika ng awtomobil at napalipad na ng magkapatid na Wright ang unang modelo ng eroplano (Lears 7–14). Natapos na ang rebelyong Boer noong 1902 at naging kolonya ng Britanya ang Timog–Aprika. Samantala, umiinit na ang klima, may titis na umuusok at handa nang sumabog ang digmaan ng Hapon at Rusya, signos ng makabagong transpormasyon ng buong lupalop ng Asya (pati Pilipinas).

*Performatibong Ritwal*

Ang tao (katawan at isip) ay bahagi ng kalikasan ngunit namumukod dahil sa taglay na makasariling kamalayan. Sa repleksibong diwa ng tao naiuugnay ang isip at katawan, ulirat at kapaligiran. Sa kultura ng Gresya, taglay ng *homo sapiens* ang rason o galing ng katwiran, ang pundasyon ng *lex natura.* Marangal na prinsipyo ang payong "Know thyself," "Unawain mo ang iyong sarili." Hindi problema ito sa panahong namamayani ang isang paniniwalang patnubay ng Simbahan. Pagkaraan ng Renaissance at panukala ni Descartes, naisilang ang kamalayan-sa-sarili at naitampok ang personalidad ng bawat tao (Lakoff & Johnson 391–414). Lumayo't naglaho ang dating mga bathala; sindak si Blaise Pascal sa katahimikan ng kosmos (Pascal 121). Nabuwag ang *synergesis* ng katawan at kaluluwa. Natuklasan ng tao na hindi siya hayup sapagkat alam niyang siya ay mamamatay. Papanaw ang lumpong katawan, subalit ano ang tadhana ng kaisipan at naisakatuparan ng napinsalang hita, binti, paa?

Mula sa milyu ng Renaissance, lumaganap ang humanismo at siyentipikong sistema ng kaalaman. Nagtago o naglaho ang mga diyos at konseptong transendental. Kaakibat ng balisang sumaklot sa isip, ano ang kahulugan ng maikling buhay ng tao sa ibabaw ng mundo? Paano maisusudlong ang laman at espiritu, katawan at kamalayan? Sa ultimong pagtaya, ito ang lohika ng naratibo ng buhay ng burgis (hinggil sa halimbawa ni Montaigne, konsultahin si Wilden 88–106)—ito rin ba ang mawawatasan sa salaysay ni Mabini?

Nausisa na natin ang suliraning tinalakay ng mga awtor ng talambuhay ni Mabini. Maungkat muli: ano ang koneksiyon ng kaisipan at kongkretong pamumuhay? Malimit ipokus ang dalumat sa dungis o sugat ng katawan. Halimbawa, ang unang linya sa isang postcard: "Noong 1895, naging paralisado si Apolinario Mabini pagkaraan ng matagal na pagkakasakit. Ngunit hindi ito hadlang sa kaniyang pagkilos para sa mga repormang panlipunan at pampolitika ng ating bansa" (National Book Store). Ito ang tema ng karaniwang introduksiyon sa buhay ni Mabini.

Ang palasak na tema ay walang iba kundi ang tagumpay ng malay/isip laban sa karupukan ng katawan. Kung ang sakit na paralisis ay mapanganib na sagwil sa karamihan, hindi ito naging suliranin kay Mabini. Sa paglagom niya sa kaniyang buhay, naikintal ang makatuturang paradigma ng relasyong pinakamahalaga kay Mabini: ang pagkikipagkapuwa ng guro-mag-aaral, maestro-estudyante. Mahuhulo na kaugnay ito ng rasyonalistikong teorya ng *cogito* ni Descartes at konsepto ng pribadong katawan sa modernong kultura (Barker 98–103). Ngunit hindi maikakaila ang masimbuyong damdamin at pagnanais ng katawan. Hindi maiiwasan ang dahas ng pagnanasa, ang udyok o simbuyo ng likas na katawang naghahangad, nagdaramdam, naglulunggati (tungkol sa sistemang *affective-appetitive* sa etika at moralidad, konsultahin si Dussel 57–69).

Gumanap ng papel ng tagapag-alaga si Mabini. Hindi maikakailang ninais niya na mapaligaya ang ina/magulang at mga nangangailangang kadugo, sa pagtamo ng edukasyon at propesyon. Nakabungad ito sa halaga ng ina niya at ang gurong tanyag sa nayon; sumunod si Padre Malabanan at mga maestro sa San Juan de Letran at Unibersidad ng Santo Tomas. Sumalisi si Mabini sa pagiging guro, at tagapayo ni Heneral Aguinaldo na kinatawan ng masang gumising mula sa ilang siglong pagkaidlip. Ang kasukdulang posisyon ni Mabini bilang pangulo ng gabinete ni Presidente Aguinaldo at kalihim ng Kalakarang Panlabas ay maitutulad sa gurong gumagabay. Napalitan ang paradigmang iyon nang mahuli siya, una ng mga Espanyol at naging pasyente/bilanggo siya sa San Juan de Dios Ospital; at pangalawa, nang mabihag siya ng mga Amerikano. Dahas ng kolonyalismo at imperyalismo ang salot na sumalanta sa kaniya, hindi polio.

### *Pagbabalik ng Itinapon*

Kritikal na yugto sa buhay ni Mabini ang pagkatapon sa Guam ng dalawang taon. Ebidensiya iyon ng "terror-generating strategy" ng Amerikanong militar (Kramer 137). Iyon ang pinakamaselang sugat, hindi paralisis, na dapat matarok kung paanong ito ang talinghagang umaalalay sa trayektorya ng talambuhay ni Mabini. Ang pagkahiwalay sa tinubuang lupa ay maihahambing sa paralisis ng baywang at binti, habang ang pagsusulat ng *LFR* sa selda sa Guam ay bindikasyon ng kaluluwa—ng kamalayang-pansarili (*consciousness-for-itself*). Ang unyon ng teorya at praktika ay naisakatuparan sa akdang magsisiwalat ng nakakubli, ang kamalian at kakulangan na tahasang nagparalisado sa lideratong nangangasiwa sa pagtatanggol at pagsulong ng rebolusyonaryong programa.

Sa paglagom, bumalik tayo sa tema ng anyo/ayos ng katawan (body-image) at ang kahulugan nito sa kaso ng "Sublime Paralytic." Sa malas, sintesis iyon ng positibo at negatibong penomena, pagkatalo, at tagumpay (Lingis 13–17). Ang dibisyon ng utak/katawan, tinubuang lupa-destiyero sa Guam, sa kognitibong pagsusuri, ay talinghagang nagbigay-katuturan sa naratibo ni Mabini. Ang sugat ng paralisis ay hindi itinago; nakatambad ito—naroon ang duyan na hawak ng mga kapatid, sakay si Mabini. At naroon ang silyang may gulong. Samakatwid, sulit ang estigmang pinag-aralan ni Goffman, na tumutugma sa konteksto ng kinatatayuan ng maysakit. Himalang nag-anyong estigmata ng pasakit ang itinuring na estigma, na itsinismis na sintomas ng kalibugan. Bagama't napinsala at natalo, huwag umiyak, nakatindig pa rin ang maysakit at mapamaraang nakapaglingkod sa bayang sawi.

Walang pasubaling si Mabini ay publikong opisyal, nakaharap sa madla. Maiintindihan na ang analisis ng binaryang tago/tambad, nakalabas/nakapaloob, ay simbolikong balangkas na nagsilbing tema ng kaniyang tagubilin sa bayan (hinggil sa antitesis ng loob-labas

sa kulturang katutubo, tingnan si Maggay 178–81). Kawangis ng pagtistis ng siruhano sa katawang may kapansanan ang ginawang kritisismo at pagtatasa ng mga historyador sa kapalaran ng rebolusyonaryong proyekto. Pahayag ni Mabini:

> Wala akong nakikitang masama sa pagsusuri sa ating lumipas upang lagumin ang ating mga kabiguan, pagkakamali, at kahinaan; ang pagkukusang umamin ng mga pagkakamali ay pagpapakita kahit papaano ng kapuri-puri at marangal na hangaring magpabuti at magwasto. Masama kung sa pagkukubli natin ay matuklasan at ipangalandakan ng isang banyaga ang mga ito hindi upang ituwid kundi upang siraan tayo: nakahihikayat ng masasamang loob ang pagtatakip samantalang ang pagbubunyag ay nakapagdudulot sa atin ng mga aral na kapakipakinabang. (Mabini *Rebolusyon*, 98)

*Ukilkil ng Diwang Karnal*

Sa dulo ng pagkilatis natin, maimumungkahi na napagalaw ni Mabini ang katawang napinsala. Mala-himalang lumakad ang pilay. Ang pagdurusa sa pagkawalang kontrol sa kalahating bahagi ng katawan, simbolo ng mga kamalian, ay nagbunga ng metaporikang gamot na makalulunas sa pagtataksil at pagkamakasariling pagmamalabis na ibinilad niya sa *Ang Rebolusyong Filipino*. Tila gumuhit ng linya si Mabini na ang banal/sakramental na espasyo ay naiukit sa puwang ng destiyero, sa bilangguang presidio de Asan, Guam, kung saan niyari ni Mabini ang kaniyang obra maestra.

Pagnilayan natin na emblematikong katuparan iyon ng kaniyang hinagap maiangat ang uring kinagisnan. Katuparan din ng pangarap ng ina na siya ay maging saserdoteng mag-uugnay ng lupa at langit. Makahulugan ang pagkatapon ni Mabini. Binusisi at nilagom ni Lopaka O'Connor ang maraming pag-aaral hinggil sa politikang karseral ng U.S. Ang pagkatapon kina Mabini at iba pang "irreconcilable" *insurectos* ay testigo sa "…'punitive relocations,' weaponized and hierarchized imperial geographies, reinforcing categories of racial and cultural difference as tools of imperial administration." Ang mga kolonisadong biktima tulad ni Mabini ay sumasagisag sa heopolitikang transpormasyon ng posisyon ng mga lahi at bansa sa buong mundo.

Nais kong igiit ang propetikong bisyon ni Mabini na bunga ng kaniyang komprontasyon sa unang bigwas ng imperyalismong Amerikano. Ang pagtapon kay Mabini ay simbolikong pagsukat ng unang pag-inog ng moda ng produktibong lakas ng uring anakpawis tungo sa globalisasyon. Sa mapanuring pagtimbang, iyon ay pagsukat ng transisyon ng Pilipinas mula sa kolonisadong sitwasyon tungo sa malayang pakikipagkapuwa sa ibang bansa. Ang takdang panahon ng pagsilang ng Pilipinas ay nangyari na; nakatawid na tayo sa bagong milenyo sa paraan ng rebolusyong 1896 at paglaban sa imperyong U.S. Naikintal ang makasaysayang *agon* ng transisyon sa napakahalagang sulat niya kay Heneral J.F. Bell noong ika-31 Agosto 1900, limang buwan bago siya parusahan ng destiyero:

> The Filipinos may be vanquished now and again, but as long as they are denied every kind of right, there will not be lasting peace. The Spaniards were able to rule the Islands without great troubles for three centuries because the Filipinos were then sunk in the most complete ignorance and they lived without consciousness of national solidarity. Today it is different; today the Filipinos share in the life of other nations and they have tasted, even if only for a short time and in an incomplete manner, the joys of an independent life. (Mabini "In Response," 99)

Sa pakiwari ko, nahigitan ni Mabini si Rizal sa kaniyang akdang "The Philippines a Century Hence" (*Writings* 130–63) sapagkat mali si Rizal sa akala niyang hindi manghihimasok ang Amerika sa kapalaran ng mga "Indio" sa Pilipinas. Nakalimutan ni Rizal ang Monroe Doctrine, ang paghamig sa teritoryo ng mga katutubong Indian, at lohika ng akumulasyon ng monopolyo kapitalismo (Hofstadter 145–87). Kay Mabini, ang interbensiyon ay nagsilbing komadrona sa pagluwal ng bagong espiritu ng mga inaapi, espiritu ng transpormasyon na hihikayat sa mga tao sa buong Asya na palayain ang sarili sa bartolina ng kolonyalismo at rasismo, at tuloy baguhin ang mapa ng mundo.

*Pagpurgang Bulong ng Pasakit*

Magiting na ahente ng *exorcism* o pagtatawas ang ginampanang papel ni Mabini. Naihimatong ito sa maapoy na proklamasyon na sinulat niya sa pangalan

ni Aguinaldo noong Pebrero 13, 1899, nang sumabog ang digmaan, Sagot ito sa patakarang "pacification by extermination," pakiwari ni Richard Sheridan, ang abogadong Ingles na nag-ulat ng pamanang panawagan ni Mabini. Ikintal natin ito sa gunita: "The hour has arrived. The Fatherland is in danger, and it is necessary that the Filipino people carrry out their promises, if they have learned the dignity of liberty…There is no human force which can stand against a people to whom slavery is odious even to death. Show to all nations that you are worthy of independence by knowing how to appreciate and defend it…Life has no charm without honour and liberty. The shades of our martyrs and forefathers conjure you" (sinipi ni Sheridan 184–85).

Sa loob ng dalawang buwan at labimpitong araw mula pagkabalik niya hanggang kamatayan, ipinakita ni Mabini na tapat pa rin siya sa prinsipyong ipinaglaban ng rebolusyon: ganap na soberanya. Sang-ayon siya sa unang panuntunan: sikapin munang manatiling buhay sa gitna ng pagsuko at pagkabigo. Kagyat maitatanong: Anong klaseng buhay ang dapat arugain at patnubayan? Pagkatapos ng masusing pagtatasa ng mga dokumento at pag-aaral nina Kalaw, Agoncillo, Zaide, Ocampo, atbp., naisuma sa komentaryo ni Majul ang panata ni Mabini: sumunod sa batas ng kalikasan, itakwil ang egotismo, tatagan ang katapatan sa katotohanan at hustisya, at laging umasa sa magandang kinabukasan ng lupang tinubuan.

Makahulugan ang huling akto sa buhay ni Mabini, ang komunikasyon sa mga gerilyang hindi sumuko pagkahuli kay Aguinaldo. Itinuring silang bandido o tulisan ni Gobernador Taft. Sa tugon niya kay Heneral San Miguel, iginiit ni Mabini ang importansiya ng debosyon sa simulaing makamit ang hegemonya/ gahum ng komunidad na nagsisimulang maging tunay na maka-Filipino, tumatangkilik sa sariling pagsisikap at sakripisyo—isang kolektibong identidad na mailuluwal sa dedikasyon ng bawat nilalang na taglay ang pagkagiliw sa sariling bait, konsiyensiya, dangal, at organikong kakayahan ng sariling bait at birtud.

*Pagbati sa Bukang-Liwayway*

Matalinghagang pasyang nasipi ang pagliripin muna natin. Kahit pumanig si Mabini sa mapayapang paraan ng mayorya sa pakikibaka pagkatapos sumumpa sa gobyerno—analogo ng paralisadong katayuan—kasali pa rin siya sa armadong programa ng mga insurecto, mula kina San Miguel, Sakay, kolorum, Sakdalista, Huk, at Bagong Hukbong Bayan. Hindi katakataka. Umaayon ito sa maigting na pasya ng nakaupong beterano, sa panukalang hanggang sakop tayo (sa isip at damdamin, kundi katawan) ng mga kolonisador, nakatindig pa rin tayo sa gitna ng larangan ng digmaan. Angkop ang obserbasyon ni Maggay tungkol sa habitus natin, halimbawa, ang pagtrato sa panahon bilang pangyayari. Maipapalagay na indikasyon iyon "ng isang kulturang nasa transisyon, umaalpas sa mahigpit na mga alituntuning itinuturing na kagandahang-asal sa pag-uugnayan samantalang nananatiling tubog sa masalimuot na paghihiwatigan nito" (201). Totoong nasa transisyon tayo ng kulturang piyudal na bulok na, sampu ng indibidwalistikong habitus, at kulturang radikal na madugong iniluluwal—sa pagitan nito, naglipana ang mga halimaw at nakasisindak na sintomas ng pandemikong nakaririmarim.

Bago pa man tayo umangat sa nibel ng Commonwealth (mula 1935), napag-usapan ang pagtayo ng isang Hall of Fame upang parangalan ang ilang magiting na bayani. Si Mabini ang kandidato ni Fernando Maramag. Narito ang larawang ipininta niya tungkol sa "Dakilang Lumpo": "…intellectual superman of the Revolution, a personality dominated by the absolutism of the purest reason…dedicated to the assertion, in arms, of the national self-respect… Concretely, he was the practical seer. No large affair of the Revolution that pressed for assessment, was ever beyond him…Mabini knew…He was a leader for peace times, legislating for the Revolution in the course of its triumph toward civil responsibility and constitutional freedom" (18). Sumasang-ayon siya sa opinyon ni Teodoro M. Kalaw. Halos lahat ng pagkilatis at pagtaya sa buhay at naisakatuparan ni Mabini—mula sa mga saliksik nina Agoncillo, Constantino, Reyno, Ocampo hanggang kay Majul—ay umaalinsunod sa makatwiran at marapat na pagkilala nina Kalaw at mga beterano ng pagbabangong 1896.

Sa huling sipat, nakapupukaw ang matalisik na galaw ng utak at bilis ng panulat ni Mabini. Sa halip na balakid, naging instrumento ang paralisadong lagay sa pagsuri sa konstelasyon ng sapin-saping kontradiksiyon sa panahon ng aktibidad ni Mabini. Wangis ganti at pagsuway sa itinakdang kapalaran—temang sentral sa dula ni Nicanor Tiongson. Napagtibay na ito sa narasyon dito ng mga makabuluhang pangyayari sa kaniyang maikling pakikipagsapalaran sa loob ng dalawang yugto ng himagsikan. Nasakyan niya ang *gravidad* ng transisyonal na proseso ng pagbabago. Hindi na kailangang ikahiya o ipagpaumanhin ang

nadungisang ayos ng katawan na testigo sa kahinaan ng agham-medikal at kapangahasan ng konsiyensiyang angkin ng pilay. Hindi ito nakahiga o nakaupo, kundi nakatindig sa tradisyong rebolusyonaryo ng lahi na, sa gusto natin o hindi, ay laging kapiling ng pangalan, imahen, at diskurso ng dinamikong katawan ng lumpo, taglay ang mapangahas at mabining espiritu ng lahing Malayo na gumagabay sa makasaysayang pakikibaka para sa hustisyang unibersal, sosyalistang demokrasya, at mapagpalayang soberanya.

## SANGGUNIAN


Adams, Henry. "The Education of Henry Adams." *The Norton Anthology of American Literature,* edited by Nina Baym, W.W. Norton & Co, 2003.

Agoncillo, Teodoro. "Apolinario Mabini: the courage of conscience." *Archipelago,* vol. 1, no. 12, December 1974, pp. 8–11.

---. *Filipino Nationalism, 1872–1970.* R. P. Garcia Publishing Co., 1974.

---, and Milagros Guerrero. *History of the Filipino People*. R. P. Garcia Publishing Co., 1970.

Almario, Virgilio. *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*. Aklat ng Bayan, 2013.

Barker, Francis. *The Tremulous Private Body*. Methuen, 1984.

Bourdieu, Pierre. *Outline of a Theory of Practice.* Cambridge UP, 1977.

---, and Loic Wacquant. *An Invitation to Reflexive Sociology.* University of Chicago Press, 1992.

Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Tala Publishing Services, 1975.

Cruz-Araneta, Gemma. "Landscape: We need a Mabini." *Manila* Bulletin, 8 Ago. 2023, www.manilabulletin.org/we-need-a-mabini.

Cushner, Nicholas. *Spain in the Philippines*. Ateneo de Manila UP, 1971.

Dubois, W. E. B. "The Souls of Black Folk." *The Norton Anthology of American Literature,* edited by Nina Baym, W. W. Norton. & Co., 2003.

Dussel, Enrique. *Ethics of Liberation*. Duke UP, 2013.

Erikson, Erik. *Childhood and Society.* W.W. Norton & Co., 1963.

Forbes, W. Cameron. *The Philippine Islands.* Revised ed., Harvard UP, 1945.

Foreman, John. *The Philippine Islands*. Charles Scribner's Sons, 1906.

Francisco, Luzviminda. "The Philippine-American War." *The Philippines Reader*, edited by Daniel Schirmer and Stephen Shalom, South End Press, 1987.

Gealogo, Francis. "Ang mga Taong Labas, Ang Kabayanihan, at ang Diskurso ng Kapangyarihan at Kasaysayan." *Diliman Review,* vol. 38, no. 1, 1990, pp. 23–31.

Gerth, Hans, and C. Wright Mills. *Character and Social Structure.* Harcourt Brace and World, 1953.

Giddens, Anthony. *Modernity and Sef-Identity.* Stanford UP, 1991.

Goffman, Erving. *Stigma: Notes on the Management of Spoiled Identity.* Simon & Schuster, 1963.

Guerrero, Amadis. "Mabini Our Most Intellectual Hero—F. Sionil Jose." *Inquirer/Lifestyle*, 11 Apr. 2016, lifestyle.inquirer.net/22651/Mabini-our-most-intellectual-hero.

Guerrero, Leon Ma. *The First Filipino*. Jose Rizal National Centennial Commission, 1969.

Hartendorp, A. V., ed. *Mabini: The Sources of His Political Thought.* Alberto S. Florentino, 1965.

Hofstadter, Richard. *The Paranoid Style in American Politics and Other Essays.* Vintage Books, 1967.

Ileto, Reynaldo. "Cholera and the Origins of the American Sanitary Order in the Philippines." *Discrepant Histories*, edited by Vicente Rafael, Temple UP, 1965.

Kramer, Paul. *The Blood of Government*. University of North Carolina Press, 2006.

Kristeva, Julia. *Desire in Language,* edited by L. Roudiez, Blackwell, 1980.

Lakoff, George, and Mark Johnson. *Philosophy in the Flesh*. Basic Books, 1999.

Latorre, Stephen. *Apolinario Mabini*. Tahanan Book for Young Readers, 1992.

Laurel, Lilia. "The Legacy of Apolinario Mabini." *Midweek*, 16 Apr. 1989, pp. 11–13.

Lingis, Alphonso. *Foreign Bodies.* Routledge, 1994.

Linn, Brian McAllister. *The Philippine War, 1899-1902.* UP of Kansas, 2000.

Lukacs, Georg. *Writer and Critic and Other Essays*. Merlin Press, 1970.

Mabini, Apolinario. "A Filipino Appeal to the People of the United States." *The North American Review*, 170, January 1900, pp. 54–60.

---. *The Letters of Apolinario Mabini.* National Heroes Commission, 1965.

---. "In Response to General Bell." *Philippine Literature: A History & Anthology*, edited by Bienvenido Lumbera and Cynthia Nograles Lumbera, National Book Store, 1982.

---. *The Philippine Revolution.* Translated by Leon Ma. Guerrero, National Historical Commission, 1990.

---. *Panukala sa Pagkakana nang Republika nang Pilipinas.* Legare Street Press/Creative Media Partners, [1898] 2024.

---. *Ang Rebolusyong Filipino.* Translated by Michael Coroza, Aklat ng Bayan, 2015.

Maggay, Melba Padilla. *Pahiwatig*. Ateneo de Manila UP, 2002.

Majul, Cesar. *Mabini and the Philippine Revolution*. University of the Philippines Press, 1960.

Maramag, Fernando. “Dissenting on the Hall of Fame.” *Philippine Magazine,* vol. 27, no. 1, 1930, pp. 18–65.

McCoy, Alfred. *Lives at the Margin.* Wisconsin: Center for Southeast Asian Studies, 2000.

Morison, Samuel Eliot. *The Oxford History of the American People.* Oxford UP, 1965.

National Book Store. *Apolinario Mabini [postcard]*. National Book Store, 2005.

Nery, John. “An Eyewitness Account of Mabini’s Funeral.” *Philippine Daily Inquirer*, 21 Jan. 2013, https://opinion.inquirer.net/45327/an-eyewitness-of-mabinis-funeral.

Ocampo, Ambeth. *Mabini’s Ghost*. Anvil Publishing Co., 1995.

---. “Mabini by Mabini.” *Philippine Daily Inquirer*, 23 Jul. 2014, https://opinion.inquirer.net/76782/mabini-by-mabini/2#.

---. “Mabini’s Curse.” *Philippine Daily Inquirer*, 15 Jun. 2022, https://inquirer.net/78953/mabini-curse.

O’Connor, Lopaka. “America’s St. Helena: Filipino Exiles and U.S. Empire on Guam, 1901-03.” *Center for the Humanities, Washington University in St. Louis*, 2020, www.humanities.wstl.edy/news/“America’s-st-helen”-filipino-exile-and -us-empire-guam-1901-03.

Palma, Rafael. *The Pride of the Malay Race*. Prentice Hall, 1949.Pascal, Blaise. *Pensees.* Penguin Books, 1995.

Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines.* University of Wisconsin Press, 1959.

Philippine Center for Masonic Studies. “Masons in Philippine History.” *Independent Grand Lodge F & AM of the Philippine Islands*, 2022, www.philippinemasonery.org/apolinariomabini1.html.

Reyno, Adriano. *The Political, Social and Moral Philosophy of Apolinario Mabini.* Catholic Trade School, 1964.

Rizal, Jose. “Sa mga Kababayang Dalaga ng Malolos.” *May Gawa na Kaming Natapos Dini: Si Rizal at ang Wikang* Tagalog, edited by Nilo Ocampo, Office of the Vice-Chancellor for Research and Development, University of the Philippines, 2002.

---. *Political and Historical Writings*. National Historical Commission of the Philippines, 2011.

Ruane, Michael. “1921.” *The Washington Post*, 7 Sept. 2022, H7.

San Juan, E. “Apolinario Mabini: Paghamon sa Tadhana ng Mapanghimagsik na Kamalayan.” *Social Sciences and Development Review*, 2018, pp. 145–67.

---. “Apolinario Mabini: Ang Mapagpalayang Praxis ng Rebolusyonaryong Filipinas sa Diyalektika ng Tradisyon at Modernidad.” Nakapila sa *Unitas* 2024.

Schilder, Paul. *The Image and Appearance of the Human Body*. John Wiley & Sons, 1950.

Seigel, Jerrold. “*Virtu* in and since the Renaissance.” *Dictionary of the History of Ideas*, vol. 4. Charles Scribners, 1973.

Sheridan, Richard Brinsley. *The Filipino Martyrs.* The Bodley Head, 1900. Reprinted by Malaya Books Inc., 1970.

Silverio, Julio. *Bagong Diksiyunaryong Pilipino-Pilipino*. National Book Store, 1980.

Spinoza, Benedict de. *Ethics*, edited by G.H.R. Parkinson, Oxford UP, 2000.

Tiongson, Nicanor. “Mabining Mandirigma.” Script, 2018, 50 pages.

United States Congress. “Hearings before the Committee on the Philippines of the United States Senate in Relation to Affairs in the Philippine Islands (January 31-June 28, 1902).” *Google Books*, https://books.google.com/Mabini-is-a-highly-educated-young-man.

Veneracion, Jaime. *Agos ng Dugong Kayumanggi*. Education Forum, 1987.

Vicassan. *Vicassan’s Pilipino-English Dictionary*. Anvil, 2006.

Wilden, Anthony. *System and Structure*. Tavistock Publications, 1972.

WNET. “American Masters: Polio and Famous People Who Survived It.” *PBS*, 2023, www.pbs.org/wnet/americanmasters/tanaquil-le-clercq-american-masters-who-survived-polio/3063.

Zaide, Gregorio. *Great Filipinos in History.* Verde Book Store, 1970.

Zinn, Howard, et al. *A People’s History of American Empire*. Henry Holt & Co., 2008.